

PAGTATAKDA NG LAYUNIN

Nabubuhay tayo sa mundo ngayon na puno ng mga hamon at kaguluhang hindi nauubos. Maaaring napakahirap malaman kung ano ang dapat gawin o kung saan magsisimula. Upang matugunan ang mga kinakaharap mong hamon, mahalagang maglaan ng panahon upang pagnilay-nilayan ang iyong sarili at ang iyong sitwasyon. Sa pamamagitan ng paggawa ng mga layunin, makakapagsimula kang magtakda ng makatotohanan at maaaring maisakatuparang plano upang makamit ang iyong mga layunin nang personal man o nang may pangkat.

Pamumuno at Pagbuo sa Kinabukasan

Oras na Kailangan

Ikaw ang bahala

Hirap

Katamtaman

Mga Kagamitan

Panulat, papel

Mga tagubilin

● Unang Hakbang

- Maglaan ng panahon upang maupo at pagbulay-bulayin ang hamon sa iyong buhay. Ano ang isang bagay na gusto mong makamit o maisakatuparan?

● Ikalawang Hakbang

- Tiyaking kailangan mong magawa ang iyong layunin. Sabihin sa isang tao o isulat na makakamit mo ang X sa petsang Y.

● Ikatlong Hakbang

- Ngayong naipahayag mo na ang iyong layunin, isipin kung paano ito hati-hatiin sa maliliit na hakbang upang makagawa ka ng plano kung saan magsisimula. Halimbawa, kung gusto mong magtayo ng hardin ng komunidad kasama ang iyong klase bago matapos ang school year, baka gusto mong magsimula sa pagsasaliksik kung paano gumawa ng hardin. Pagkatapos, ituloy ang pagkategorya kung ano ang susunod.

● Ikaapat na Hakbang

- Magpatuloy lang. Sa bawat hakbang na iyong makakamit, tiyaking kinikilala mo kung gaano ka na kalapit sa iyong layunin. Kahit na hindi maayos ang mga bagay, tandaang mas malapit ka pa rin sa iyong layunin kaysa kahapon. Mahalaga ang lahat ng iyong pagsisikap!

● Ikalimang Hakbang

- Kapag naabot mo na ang iyong layunin, tiyaking ibahagi ang magandang nagawa mo at ipagdiwang ang iyong tagumpay! Panatilihin ang iyong motibasyon at ipagpatuloy ang pagtatakda ng mga layunin para sa hinaharap. Mayroon kang mga kasanayan na makatutulong sa iyong harapin ang mga hamon sa iyong paraan.

